

## **Renon-san**

*By Edgar Calabia Samar*

NAKILALA KO si Renon-san nang magkandaligaw-ligaw ako pauwi mula sa Minoo Falls isang gabi ng Mayo matapos mabigong makakita ng mga alitaptap. Madilim sa buong trail mula sa talon patungo sa park, patay ang mga ilaw ng poste dahil nga panahon dapat ng dinadayo roong alitaptap. Mangilan-ngilan lang ang taong naaaninaw ko mula sa malayo. Naupo ako sa isa sa mga nadaanan kong bench. Binuksan ko ang Google Maps para tingnan kung nasaan na ako—nang biglang may tumawid na anino ng parang kung anong hayop sa unahan ko. Pagtingin ko, lalaki pala, matangkad, nasa 5’10”. Tahimik lang siyang tumabi sa inuupuan ko. Sa bagsak ng pagkakaupo niya, sigurado akong Japanese. Pero bahagya ko nang maaninag ang mukha niya na natatakpan pa ng mask ang kalahati. Nagulat ako dahil hindi karaniwan sa mga Japanese na tumatabi sa di kakilala sa upuan. Kapag nagbu-bus ako pa-Kita Senri, mas gugustuhin pang tumayo ng mga bagong sakay kaysa tumabi sa kahit sinong nasa loob na ng bus, maliban kung rush hour. Kung nasa Pinas ako at ganoon kadilim at mag-isa lang ako at may biglang tatabi sa akin, malamang na takot ang mararamdaman ko. Pero dito, hindi ko maisip na may gagawa sa akin ng... Pinigilan ko ang sarili na mahulog na naman sa malalim na balon na ito ng pagkokompara ng lagay ko rito at ng lagay ng mga bagay-bagay sa Pinas. Walang perpektong sistema, walang perpektong sistema, paulit-ulit kong sinasabi sa sarili ko. Wala nga ba? Nagpatuloy ako sa pagtingin sa phone para tingnan kung gaano pa ako kalayo sa pinagparadahan ko ng bisikleta. Noon siya nagsalita. “Kumusta?”

Ang bilis ng kabog ng dibdib ko. Napatingin ako sa kanya. Pinoy? Imposible.

“Sumimasen,” sabi niya agad, at sa pagkakasabi niya, bumalik ang katiyakan na Japanese siya. “Marunong akong mag-Tagalog. Kaunti.”

Napatango ako nang bahagya, saka niya sinabi rin agad na nakita na niya ako,

mga isang taon na ang nakararaan habang nakapila ako sa kaitenzushi sa Onoharahigashi. Pilit ko siyang minumukhaan sa liwanag ng buwan. Mukhang mas bata sa akin ng apat o limang taon, nasa mid-20's. Nagtanggap siya ng mask niya bago ko pa nasabing hindi na kailangan. May bahagyang pag-aalinlangan sa ngiti niya, iyung tipo ng ngiti ng pag-aalinlangan na parang walang gustong masaktan. Hindi ko siya mamukhaan. Sino ang makakaalala sa nakita lang niya sa kung saan halos isang taon na ang nakararaan? Ni wala akong maalala sa mga nakasakay ko sa bus kahapon.

Sinabi niyang naaalala niya ako dahil naaalala niya lahat ng Pinoy na nakikita niya. At na alam niya sa mga nakakasalubong niya kung sino ang Pinoy. "Chokkan desu," sabi niya. Noong una, hindi niya alam na nagagawa niya iyon. Hanggang pinangahasan daw niyang batiin ang isang babaeng nasa unahan niya sa escalator paakyat sa Umeda Station. Matagal na iyon, sabi niya, mga tatlong taon na bago pa ang pandemya. "Hello po," sabi raw niya. Gulat na napalingon daw ang babae sa kanya at saka napangiti, di alam ang sasabihin. "Sorry po," sabi niya agad bago nagtanong, "Firipinjin?" Tumango lang ang babae sa kanya at tinanong kung bakit marunong siyang mag-Tagalog. "Filipino ang ama ko," iyon daw ang isinagot niya rito na tumango lang sa kanya't ngumiti ulit saka pumasok na sa ticket gate ng estasyon. Hindi na ulit niya nakita ang babae.

Iyon din nga ang sinabi niya sa akin nang gabing iyon. *Filipino ang ama ko.* Iyon din daw ang sinasabi niya sa lahat ng mga ginulat niyang Pinoy na basta nilapitan at binati. 62 ang huli niyang bilang. Pang-63 ako. At hindi raw siya pumaltos ng hinala niya kahit kailan. Hindi raw niya ako nalapitan sa kaitenzushi noon dahil may kasama akong ibang mga Japanese pero sa isip niya, nakipagkilala na siya sa akin. Malamang na mga sensei sa lab ang kasama ko noon. Sila lang naman ang nakakasama ko minsan. Mas madalas na kumakain akong mag-isa.

Sinamahan niya akong maglakad para kunin ang bike ko. Naroon din pala ang bike niya. Habang naglalakad, tinanong niya ako kung may nakita akong alitaptap.

Sabi ko, wala, malas yata ako sa alitaptap kapag mag-isa. Isang beses pa lang akong nakakita ng alitaptap sa park, noong unang beses ko roon nang unang taon ko rito sa Japan at sinamahan ako ni Asai sensei. Iyun ngang mga sunod na balik ko, mag-isa na lang ako, at hindi na ulit ako nakakita. Sa pag-uusap namin, napatunayan kong mas matatas ang Tagalog niya kaysa sa Japanese ko. Akala ko'y tumira siya sa Pinas kaya nagulat ako nang sinabi niyang self-study lang iyon. Araw-raw na praktis ng pagkausap sa sarili—at panonood sa YouTube. Desidido raw kasi siyang matutong mag-Tagalog. Nang makuha namin ang bike, tinanong niya ako kung gusto kong magkape o mag-izakaya. Mag-aalas-nuwebe pa lang noon. Sinabi ko sa kanyang kape na lang dahil magre-report pa ako sa lab kinabukasan. Tinanong niya ako kung okey lang sa Hiro. Kahit saan, sabi ko. Pagkatapos ng halos 20 minutong pagba-bike, dinatnan naming bukas pa ang coffee shop. Alas-onse na ulit ito nagsasara matapos ang state of emergency. Pinili namin ang isang mesa sa labas kahit pareho pala kaming di naninigarilyo. Mabilis na nai-serve ang inorder niyang brazilian chapadao at ang inorder kong inagawa blend.

Nang maghubad na kami pareho ng mask, doon ko natiyak na mas bata siya sa inakala ko kanina. Noon lang kami nag-hajimemashite at pareho kaming bahagyang napatawa na hindi pa rin nga pala namin alam ang pangalan ng isa't isa. Nagpakilala ako, sinabi kong maglilimang taon na akong nagtatrabaho sa lab sa Suita campus ng Handai para sa research tungkol sa transgenic zebrafish, na-extend nang na-extend dahil sa pandemya. Hindi ko alam kung alam niya kung ano ang zebrafish pero mukha namang interesado siya sa mga sinasabi ko. Tapos, sinabi nga niyang Renon ang pangalan niya at na ipinangalan siya kay John Lennon ng ama niya na dating nagbabanda sa Shinjuku. Pero hindi raw niya paborito ang Beatles kaya wag ko siyang tatanungin tungkol doon. Hindi na nga rin daw niya nakilala ang ama niya. Hindi ko alam kung itatanong ko kung bakit. Pinalaki na raw siya sa Iga ng ina niya, sa Mie, bago nga sila lumipat dito sa Osaka, sa Ibaraki, noong mag-senior high school siya. Matagal na rin daw niyang binabalak pumunta sa Pinas, naipagpaliban lang

niya nang naipagpaliban dahil nagkasakit daw ang okaasan niya. Tapos, nagpandemya na nga raw. Tinanong ko kung kumusta na ang nanay niya. Nagsisi ako pagkatanong na pagkatanong ko dahil nabasa ko agad sa mukha niya na wala na ang nanay niya. Sorry, sabi ko. Tumango lang siya nang bahagya. Hindi ko na itinanong kung may kapatid ba siya o kung solong anak siyang tulad ko.

Tinanong niya ako kung nakarating na ako sa Calamba. Sabi ko, oo, sa bahay ni Rizal, tinetesting din kung kilala niya si Rizal. Siyempre, ako ang napahiya nang siya pa ang nagsabi sa akin na noong dumaan si Rizal sa Japan papuntang Europe, may nakilala raw na mga Filipino si Rizal sa Hibiya. Mga miyembro ng isang orkestra na katatapos lang noong tugtugin si Strauss. Wala akong maalala sa Rizal course ko noong college maliban sa may naka-fling si Rizal dito. Na di ko maalala ang pangalan. Si Yoko Ono ang pumapasok sa isip ko. "Seiko san," sabi ni Renonsan. Naisip ko, grabe, panahon pa lang pala ni Rizal, may mga Pinoy nang pumupunta sa Japan para tumugtog. Pero di ko na sinabi 'yun sa kanya. Ang itinanong ko, kung taga-Calamba ba ang tatay niya. Hindi raw niya alam. Gusto lang daw niyang subukin ang mga hot spring doon, kung anong pagkakaiba noon sa mga onsen dito sa Japan. Sa isip ko, automatic ang good luck, pero na-guilty na naman ako sa ganoong pag-iisip. Tapos, naisip ko rin, wala naman akong dapat ika-guilty. Tapos, na-guilty ako na naisip kong wala akong dapat ika-guilty.

Tapos, biglang-bigla, tinanong niya ako kung mahirap bang mamuhay nang mag-isa. Napalakas ang *ha?* ko. Kapag ganitong kinakausap ako ng isang Japanese sa Tagalog, lagi akong naninimbang kung iyon ba talaga ang gusto niyang sabihin. O kung tama ba ang pagkakaintindi ko. Pero nakangiti lang siya na parang walang gustong masaktan. "Aayos lang," sabi ko. "Sanay na."

"Alam mo ang zetsubou sa Tagalog?" kasunod niyang tanong. Napa-ha ulit ako, pero mas mahina na. Kahit sa English, di ko aam. Sinearch ko sa app sa phone ko. *Despair, hopelessness.* Ang saya.

Tapos, saka niya sinabi na sa pag-aaral niya ng Tagalog, pinakagusto niya pag

napapatigil siya at napapaisip kung mayroon bang katumbas sa Tagalog ang isang salita sa Japanese na biglang papasok sa isip niya. Para raw siyang nagbubuo ng tulay sa isip niya at masaya lang siyang tumatawid-tawid doon. Kahit para raw siyang tanga dahil gumagawa siya ng mga tulay para sa guwang na siya rin ang lumikha. Hindi ko pinansin na ginamit niya ang tanga na magdadalawang taon ko nang di naririnig. Sinagot ko na lang ang tanong niya sa salin ng zetsubou. Na madalas nang gamitin ngayon ang adjective form nito sa Filipino bilang desperado. Mula sa Spanish, sabi niya, napaka-matter of fact, wala namang judgment pero parang may sinaksak siya sa loob ko.

Walang pag-asa, dagdag ko na lang. Ibig sabihin, kawalan ng pag-asa ang mismong zetsubou. Napangiti siya. “Puwede nga kayang walang konsepto ng kawalan ng pag-asa ang mga Tagalog?” tanong niya. “Walang walang pag-asa. Ang ganda, ano,” sabi niya na parang batang may nasumpungang kung anong kagilangilalas sa daigdig. Parang nang dinatnan ko ang mga alitaptap sa Minoo Falls noon. Tumango ako, oo nga, ang ganda. *Walang walang pag-asa*. Hanggang sa ipakilala nga ng mga Kastila ang desperasyon, naisip ko, hanggang tawagin natin ang isa’t isa na desperado sa iba’t ibang bagay na hinahangad natin at hindi makamit-kamit. Hindi kaya kakabit ng pagpapakilala sa mga salitang iyon ang pananakam namin, natin, sa mga bagay na hindi naman dapat ginusto sa simula’t simula pa lang? Mas madaling isipin na walang hindi isinaalang-alang ang karahasan. Nakita nito ang lahat ng espasyong maaaring dahasin. Kung sana’y makababalik tayo sa panahon bago iyon, ano? Bago ang desperasyon. Walang walang pag-asa. Baka ang totoong kasawian ay hindi ang paglikas na ito sa panahon, ang paglayo sa nagdaan, kundi ang paulit-ulit lang sa parehong luan, o ang paulit-ulit na paghihintay sa ni di mo alam kung ano. Ininom ko ang huling lagok ng kape sa tasa ko para mahimasmasan sa kung saan-saan ako tinangay ng desperasyon sa isip ko.

Anong gusto mo sa akin?—gusto kong itanong sa kanya. Imposibleng nilapitan niya ako para sa zetsubou. Pero bago ko nasabi iyon, tumayo siya’t

nagpaalam para mag-toilet. Tumango lang ako, iniisip kung anong oras ako matutulog at kung anong oras ako gigising bukas para sa trabaho. Iniisip ko kung kailan ako makakauwi. Hindi sa tinutuluyan ko. Iyung totoong pag-uwi. Iniisip ko kung bakit gusto kong maniwala na kaya kong maging mas malungkot at kaya kong maging mas masaya sa Pinas. Na posible ang magkasabay na pagdanas ng kasawian at pagiging masaya pa rin sa buhay sa pangkalahatan. Halos araw-araw, may message ang tita ko tungkol sa kakilala o kamag-anak na namamatay. Inisip ko na magtatapos na ang mundo at narito pa rin ako. Narito lang ako.

Nilapitan ako ng waiter na malamang na estudyanteng nag-a-arubaito. Last order daw. Noon ko napansin na medyo napatagal si Renon-san sa banyo. Hindi ko tanaw ang pinto ng toilet mula sa labas. Lumipas ang mahigit labinlimang minuto, wala pa rin. Isa-isa nang nagsisilabasan ang mga tao mula sa loob ng coffee shop. Alas-onse na. Ilang beses kong nahuling sinusulyapan ako ng mga batang waiter sa loob, parang hinihintay kung kailan ako tatayo para umalis. May nangyari ba sa kanya sa banyo? Tumayo ako at pumasok sa loob ng shop. Itinanong sa isa sa mga waiter kung nasaan ang toilet. Pagdating ko sa pinto, hindi naka-lock. Kumatok ako. Walang sumagot. Pinihit ko ang doorknob at binuksan. At wala siya roon. Walang naroon kundi ang nakapalibot na mga salamin, at ang patong-patong na akong nakatingin sa sanlaksa ko ring pag-iisa.